

Mapayapang Oras sa Bibliya, ang Salita ng Dios

Ang Bibliya ay ang Salita ng Dios. Kailangan nating pakinggan, pag-aralan, at isabuhay ang Salita ng Dios upang tayo ay mapatatag bilang mga mananampalataya at tagasunod ni Cristo. Sa *Gawa 20:32*, tinatawag din ang Bibliya bilang Salita ng Dios. “*32 At ngayo'y ipinagtatagubilin ko kayo sa Dios, at sa salita ng kaniyang biyaya, na makapagpapatibay, at makapagbibigay sa inyo ng mana sa kasamahan ng lahat na mga pinapaging banal.*” (*Mga Gawa 20:32 KJV*) Ang katulad na mapapagtanto rin natin sa *Juan 1*, “*1 Nang pasimula siya ang Verbo, at ang Verbo ay sumasa Dios, at ang Verbo ay Dios. 14 At nagkatawang-tao ang Verbo, at tumahan sa gitna natin (at nakita namin ang kaniyang kaluwalhatian, kaluwalhatian gaya ng sa bugtong ng Ama), na puspos ng biyaya at katotohanan.*” (*Juan 1:1, 14 KJV*)

Ang nakasulat na Salita ay ang Bibliya. Ang buhay na Salita ay si Jesus. “*13 At siya'y nararamtan ng damit na winisikan ng dugo: at ang kaniyang pangalan ay tinatawag na Ang Verbo ng Dios.*” (*Pahayag 19:13 KJV*) Parehong si Jesus bilang Ang Buhay na Salita at ang Bibliya bilang ang nakasulat na Salita ay banal, parehong may kapangyarihang mula sa Dios, at pareho ay perpekto. Pareho silang pahayag ng Dios. Pinapakita ng nakasulat na Salita nang ganap si Cristo. Tinutupad ni Jesus, ang Buhay na Salita, ang sinasabi ng Bibliya. Sa pamamagitan nina Jesus at Bibliya, inilalahad ng Banal na Espiritu ang Dios. Sa Bibliya, inilalahad ng Banal na Espiritu ang Dios sa pamamagitan ng nakasulat na Salita, habang sa pamamagitan ni Jesus, inilalahad ng Banal na Espiritu ang Dios sa isang tunay, laman at buto na tao, ang Panginoong JesuCristo.

Ang kapangyarihan ng Salita ng Dios: Sa *Juan 10:34-36* ginamit ni Jesus ang dalawang pangalan para sa Bibliya, ang Salita ng Dios at ang Kasulatan, “*34 Sinagot sila ni Jesus, Hindi бага nasusulat sa inyong kautusan, Aking sinabi, Kayo'y mga dios? 35 Kung tinawag niyang mga dios, yaong mga dinatnan ng salita ng Dios (at hindi mangyayaring sirain ang kasulatan), 36 Sinasabi бага ninyo tungkol sa kaniya, na pinabanal ng Ama at sinugo sa sanglibutan, Ikaw ay namumulong; sapagka't sinasabi ko, Ako ang anak ng Dios?”* (*Juan 10:34-36 KJV*) Maraming beses sa Bibliya, tinutukoy ng aklat ang sarili nito bilang “*salita ng Dios*”. Ang mga salita ay hindi nagmula sa tao kundi sa Dios. Ang mga tao ay naging mga daluyan, pero ang Dios ang palaging pinagmulan. Ang salitang “*kasulatan*” ay tumutukoy sa yaong nakasulat at nagpapakita na ang Bibliya ay ganap na totoo at may awtoridad. Ito rin ay lubos na pinili. Hindi sinabi sa atin ng Dios ang lahat, pero sinabi Niya sa atin ang lahat ng kailangan nating malaman.

Ipinapakita sa *Mateo 5:17-18* sa atin na tinanggap ni Jesus ang awtoridad ng Salita ng Dios. “*17 Huwag ninyong isiping ako'y naparito upang sirain ang kautusan o ang mga propeta: ako'y naparito hindi upang sirain, kundi upang ganapin. 18 Sapagka't katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hanggang sa mangawala ang langit at ang lupa, ang isang tuldok o isang kudlit, sa anomang paraan ay hindi mawawala sa kautusan, hanggang sa maganap ang lahat ng mga bagay.*” (*Mateo 5:17-18 KJV*) at sa *Mateo 4:1-10* Ipinapakita nito na hindi lamang si Jesus kundi pati si Satanas ay gumawa rin. Sa tukso kay Jesus sa ilang, ginamit ni Satanas ang kasulatan upang subukang tuksuhin si Jesus na sumunod sa kanyang sariling mga plano, “*1 Nang magkagayo'y inihatid ng Espiritu Santo si Jesus sa ilang upang siya'y tuksuhin ng diablo. 2 At nang siya'y makapagayunong apat na pung araw at apat na pung gabi, sa wakas ay nagutom siya. 3 At ang manunukso ay dumating at nagsabi sa kaniya, Kung ikaw ang Anak ng Dios, ay ipagutos mo na ang mga batong ito ay maging mga tinapay. 4 Datapuwa't siya'y sumagot, at sinabi, Nasusulat, Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawa't salitang lumalabas sa bibig ng Dios. 5 Nang magkagayo'y dinala siya ng diablo sa bayang banal; at inilagay siya sa taluktok ng templo, 6 At sa kaniya'y sinabi, Kung ikaw ang Anak ng Dios, ay magpatihulog ka: sapagka't nasusulat, Siya'y magbibilin sa kaniyang mga anghel tungkol sa iyo: at, Aalalayan ka ng kanilang mga kamay, Baka matisod ka ng iyong paa sa isang bato. 7 Sinabi sa kaniya ni Jesus Nasusulat din naman, Huwag mong tutuksuhin ang PANGINOON mong Dios. 8 Muling dinala siya ng diablo sa isang bundok na lubhang mataas, at ipinamalas sa kaniya ang lahat ng mga kaharian sa sanglibutan, at ang kaluwalhatian nila; 9 At sinabi niya sa kaniya, Lahat ng mga bagay na ito ay ibibigay ko sa iyo, kung ikaw ay magpapatirapa at sasambahin mo ako. 10 Nang magkagayo'y sinabi sa kaniya ni Jesus, Humayo ka, Satanas: sapagka't nasusulat, Sa PANGINOON mong Dios sasamba ka, at siya lamang ang iyong paglilingkuran.*” (*Mateo 4:1-10 KJV*)

Ang Bibliya ay inspirado ng Banal na Espiritu. Tungkol sa pinagmulan ng Kasulatan, sinasabi sa *2 Timoteo 3:16-17* na ang Kasulatan ay inspirasyon na ibinigay ng Dios: “*16 Ang lahat ng mga kasulatan na kinasihan ng Dios ay mapapakinabangan din naman sa pagtuturo, sa pagsansala, sa pagsaway, sa ikatututo na nasa katuwiran: 17 Upang ang tao ng Dios ay maging sakdal, tinuruang lubos sa lahat ng mga gawang mabuti.*” (*2 Timoteo 3:16-17 KJV*) sinasabi na ang mga banal na bayan ng Dios ay ginabayan ng Banal na Espiritu sa pagsulat ng Bibliya. “*20 Na maalaman muna ito, na alin mang hula ng kasulatan ay hindi nagbuhat sa sariling pagpapaliwanag. 21 Sapagka't hindi sa kalooban ng tao dumating ang hula kailanman: kundi ang mga tao ay nagsalita buhat sa Dios, na nangaudyokan ng Espiritu Santo.*” (*2 Pedro 1:20-21 KJV*)

Ang Banal na Espiritu ang kapangyarihan ng Dios na nakikipag-ugnayan. Sinabi sa *Awit 12:6*, “**6 Ang mga salita ng PANGINOON ay mga dalisay na salita; na gaya ng pilak na sinubok sa hurno sa lupa, na makapitong dinalisay.**” Sila’y kasing tunay ng pilak, pinino ng pitong ulit sa pugon. **Ang tao ay parang luwad, ngunit ang Banal na Espiritu ay parang apoy upang tayo ay linisin.** Ang Salita ng Dios ay parang pilak na nasubok ng pitong ulit hanggang ito ay lubos na perpekto at dalisay.

Ang Banal na Espiritu ay kumikilos sa pamamagitan ng Salita ng Diyos sa Bibliya. Sinasabi sa *Hebreo 4:12* na ang Salita ng Dios ay mas matalim kaysa sa tabak na may dalawang talim. “**12 Sapagka’t ang salita ng Dios ay buhay, at mabisa, at matalas kay sa alin mang tabak na may dalawang talim, at bumabaon hanggang sa paghihiwalay ng kaluluwa at espiritu, ng mga kasukasuan at ng utak, at madaling kumilala ng mga pagiisip at mga haka ng puso.**” (*Hebreo 4:12 KJV*) Sa *Juan 6:63* sinasabi ni Jesus ang mga Salita na sinasabi Niya ay ang Espiritu at buhay. “**63 Ang espiritu nga ang bumubuhay; sa laman ay walang anomang pinakikinabang: ang mga salitang sinalita ko sa inyo ay pawang espiritu, at pawang buhay.**” (*Juan 6:63 KJV*) Sa *1 Tesalonica 2:13* sinabi ni Pablo ang tungkol sa Salita ng Dios ay mabisang kumikilos sa mga mananampalataya, “**13 At dahil naman dito kami ay nangagpapasalamat na walang patid sa Dios, na nang inyong tanggapin sa amin ang salita na ipinangaral, sa makatuwid baga’y ang salita ng Dios, ay inyong tinanggap na hindi gaya ng salita ng mga tao, kundi, ayon sa katotohanan, na salita ng Dios, na gumagawa naman sa inyo na nagsisisampalataya.**” (*1 Tesalonica 2:13 KJV*) Ang Bibliya ang espirituwal na pagkain sa atin at kapaki-pakinabang para sa aral, pagpuna, pagtutuwid at pagtuturo sa katuwiran, “**16 Ang lahat ng mga kasulatan na kinasihan ng Dios ay mapapakinabangan din naman sa pagtuturo, sa pagsansala, sa pagsaway, sa ikatututo na nasa katuwiran.**” (*2 Timoteo 3:16 KJV*)

Ano ang ugnayan ng pananampalataya at ng Salita ng Dios? Sinasabi sa *Roma 10:17* na ang tunay na pananampalataya ay nagmumula sa pakikinig sa Salita ng Dios at ito ay may kaugnayan sa Salita ng Dios. “**17 Kaya nga ang paniniwala’y nanggagaling sa pakikinig, at ang pakikinig ay sa pamamagitan ng salita ni Cristo.**” (*Roma 10:17 KJV*) Hindi natin pinaniniwalaan ang lahat ng naririnig natin. **Pinaniniwalaan natin ang sinasabi ng Dios sa Kanyang Salita. Kaya nga kailangan nating magbasa at makinig sa Biblia dahil napakahalaga ng Salita ng Dios sa ating pananampalataya.**

Ano ang ugnayan ng Biblia at ng ating relasyon kay Jesucristo? Sinasabi sa *Juan 14:21*, “**21 Ang mayroon ng aking mga utos, at tinutupad ang mga yaon, ay siyang umiibig sa akin: at ang umiibig sa akin ay iibigin ng aking Ama, at siya’y iibigin ko, at ako’y magpapakahayag sa kaniya.**” Kaya maaari nating mapagtanto na ang sinumang tumatanggap sa mga utos ni Jesus at sumusunod sa mga ito ay siyang umiibig kay Jesus. Gayundin sinasabi sa *1 Juan 2:5-6*, “**5 Datapuwa’t ang sinomang tumutupad ng kaniyang salita, tunay na sa kaniya ay naging sakdal ang pagibig ng Dios. Dahil dito’y nalalaman nating tayo’y nasa kaniya: 6 Ang nagsasabing siya’y nananahan sa kaniya ay nararapat din namang lumakad na gaya ng inilakad niya.**” (*1 Juan 2:5-6 KJV*) Kaya maaari nating mapagtanto na ang sinumang sumusunod sa Salita ni Jesus, kung gayon, ang pag-ibig ng Diyos ay natutupad sa Kanya. At ganito natin nalalaman na tayo ay nasa Kanya: ang sinumang nagsasabing nabubuhay siya sa Kanya ay dapat lumakad tulad ng ginawa ni Jesus. Habang nabubuhay tayo sa pagsunod sa Kanyang Salita, ipinapakita natin na mahal natin si Jesus.

Ang Salita ng Dios ay hindi maglalaho, sinasabi sa *Mateo 24:35*, “**35 Ang langit at ang lupa ay lilipas, datapuwa’t ang aking mga salita ay hindi lilipas.**” Sinasabi sa *Awit 119:89*, “**89 Magpakailan man, Oh Panginoon, ang iyong salita ay natatag sa langit.**” Itinuturo sa atin ng mga talatang ito na ang Salita ng Dios ay magtatagal magpakailanman, na nangangahulugang maaari nating pagkatiwalaan ang Salita ng Dios.

Sa aking mahal at minamahal: Kailangan mong basahin ang buong Bibliya at kailangan mong magbasa, upang malaman at maalala ang mga aklat ng Bibliya. May kabuuang 66 na aklat: 39 sa Lumang Tipan at 27 sa Bagong Tipan. Ang mga aklat ng Lumang Tipan ay nahahati tulad ng sumusunod:

1. Ang mga aklat ng Batas na kinabibilangan ng Genesis, Exodo, Levitico, Mga Bilang, at Deuteronomio.
2. Ang mga aklat ng Kasaysayan na kinabibilangan ng Josue, Mga Hukom, Ruth, 1 at 2 Samuel, 1 at 2 Hari, 1 at 2 Cronicas, Ezra, Nehemias at Esther.
3. Ang mga aklat ng Tula na kinabibilangan ng Job, Mga Awit, Mga Kawikaan, Ecclesiastes at Awit ng Mga Awit.
4. Ang mga aklat ng Pangunahing mga Propeta na kinabibilangan ng Isaias, Jeremias, Panaghoy, Ezechiel at Daniel.
5. Ang mga aklat ng Maliit na Propeta na kinabibilangan ng Hosea, Joel, Amos, Obadias, Jonas, Mikas, Nahum, Habakuk, Zefanias, Hagai, Zacarias at Malakias.

Ang mga aklat ng Bagong Tipan ay nahahati bilang sumusunod:

1. Ang mga aklat ng Evangelio na kinabibilangan ng Mateo, Marcos, Lucas, Juan at Mga Gawa.
2. Ang mga Sulat ni Pablo na kinabibilangan ng Roma, 1 at 2 Mga Corinto, Galacia, Efeso, Filipos, Colosas, 1 at 2 Tesalonica, 1 at 2 Timoteo, Tito at Filemon.
6. Ang mga Pangkalahatang Sulat na kinabibilangan ng Hebreo, Santiago, 1 at 2 Pedro; 1, 2 at 3 Juan, Judas.
7. Kasama sa mga Aklat ng Propeta ang aklat ng Pahayag

Ipinaglagay ng Dios ang Kanyang Salita sa Bibliya at kailangan nating igalang ang Kanyang Salita sa pamamagitan ng pagbabasa ng Bibliya araw-araw upang maalala ang Kanyang Salita at upang masunod at maisabuhay natin ito sa ating mga buhay.

Kailangan mong magkaroon ng sarili mong Bibliya. Kailangan mong basahin araw-araw ang Salita ng Dios sa isang sistematikong paraan, mula sa simula, mula sa aklat ng Genesis, tatlo hanggang apat na kabanata bawat araw, sunud-sunod, nang hindi lilaktaw, hanggang sa marating mo ang aklat ng Pahayag, at kapag natapos mo na ang buong Bibliya ay magsimula muli mula sa simula at iba pa.

Manalangin tayo...

Ang aking panalangin: Ama Diyos, Ako'y lumalapit sa iyong harapan sa ngalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang ibigay sa akin ang buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa iyong Salita na nagturo sa akin tungkol sa kahalagahan ng iyong Salita sa aking buhay, ang nakasulat na Salita sa Bibliya at ang Buhay na Salita, ang Panginoong Jesucristo. Panginoon, salamat sa lahat ng bagay na ipinagkaloob mo sa akin mula sa iyong pagpapala, at salamat sa lahat ng turo, mga pagsaway, mga pagtutuwid at mga paalaala na natanggap namin sa mensaheng ito.

Lumapit ngayon sa Dios at magsisi at iwan ang lahat ng iyong mga kasalanan. Magsisi sa kakulangan mo sa pagbabasa ng Salita ng Dios. Magsisi sa kakulangan mo ng pananampalataya sa Salita ng Dios at sa iyong pagsuway sa sinabi ng Dios sa Kanyang Salita. Magsisi sa paggawa ng sarili mong kagustuhan at plano. Magsisi sa hindi mo pagnanais na sundin ang Salita ng Dios sa iyong buhay. Magsisi sa hindi mo pagnanais na maglingkod sa Dios at magtiis para kay Cristo. Panginoon, ako'y nagsisisi, patawarin mo ako sa mga sumusunod na kasalanan _____.

Panginoon, ipinangako ko ang aking sarili upang basahin at igalang ang iyong Salita sa Bibliya at ilapat ito sa aking buhay. Panginoon, ipinangako ko ang aking sarili na tumingin kay Jesus at mamuhay na sumusunod sa Kanyang halimbawa. Panginoon, ipinangako ko ang aking sarili na basahin ang Bibliya mula simula hanggang katapusan. Panginoon, ipinangako ko ang aking sarili upang paglingkuran ka, gawin ang iyong kalooban at maging handang magdusa para sa iyo. Panginoon, patnubayan mo ako, protektahan mo ako at iligtas sa masama. Panginoon, pagkalooban o ako ng mga pangangailangan upang patuloy kitang paglingkuran.

Panginoon, pagpalain mo ang aming mga Kapatid na nag-alay ng kanilang buhay upang mabuhay para sa iyo alinsunod sa iyong Salita at sa iyong kalooban sa kanilang mga buhay. Panginoon, puspusin sila ng Banal na Espiritu at pagkalooban ng mga Espirituwal na kaloob na kailangan nila upang magpatuloy at paglingkuran ka. Panginoon, protektahan mo sila sa masama, tugunan ang kanilang mga pangangailangan at gawin silang mabuting halimbawa sa iba upang sundan ka.

Panginoon, pagpapalain mo kami bilang iyong simbahan at tulungan mo kaming magpatuloy na magsikap sa pangangaral ng iyong Salita at ipahayag ang iyong kalooban sa mga tao. Panginoon, ipinangako namin ang aming mga sarili sa pagtuturo at pagsasabuhay ng doktrina sa Bibliya. Panginoon, ipinangako namin ang aming mga sarili na magpatuloy sa pangangaral at pagpapalaganap ng iyong Salita. Panginoon, bigyan mo kami ng kakayahan na yumaon at gumawa ng mga bagong alagad at magturo sa mga bagong manggagawa upang paglingkuran ka, magtanim ng mga bagong pag-aaral ng Bibliya at magtatag ng mga bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon, ipinapanalangin namin na mas maraming tao ang mapabautismuhan sa tubig at matanggap ang bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon, dalhin mo ang mensahe at ipalaganap ito upang maabot ang mga tao na nangangailangan ng iyong Salita. Panginoon, tuparin mo ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon, pagpapalain mo kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan

upang hindi kami makaranas ng sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus, ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipag-isa ng Banal na Espiritu ay sumaaing lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasampung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com